**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**WIKA 1: Wika, Kultura, at Lipunan**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL M

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Introduksiyon

Sa modyul na ito matutunan mo ang kahalagahan ng pag-uswag ng wikang Filipino. Maikokonekta mo ang pag-uswag sa mga naunang modyul tungkol sa pagpapapalakas ng iba pa ring katutubong wika sa Pilipinas. Na ang pagsusulong ng katutubong wika ay katumbas at hindi bangga sa pagsusulong din ng wikang pambansa.

Mga Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Modyul M, inaasahan na ikaw ay:

1. Makapagpapaliwanag kung paano napapanatili ang pagpapahalaga sa ating kinagisnang wika at kultura habang patuloy na nakikilahok sa pag-unlad ng pambansang diskurso kaugnay ng pagsulong ng pambansang wika;
2. Makapagsusuri kung paano mapauuswag ang mga rehiyonal na wika sa pamamagitan ng wikang Filipino, gayundin ang wikang Filipino sa pamamagitan ng mga wikang rehiyonal;
3. Makabubuo ng indibidwal o kolektibong pagsusuri, pagpapasya, pagpaplano, at pagkilos para sa patuloy na pagsulong at pag-uswag ng wikang Filipino.

Ang Pag-uswag ng Wikang Filipino

Ang pag-uswag ay salitang Cebuano na ang ibig sabihin ay pagsulong, pag-abanse, pagpapatuloy. Ito ang salitang ginamit para sa pagkilos ng wikang Filipino sa hinaharap. Dahil para tunay ang pag-uswag ng Filipino bilang wikang pambansa, kailangan nito ng tulong at suporta mula sa iba pang wika sa Pilipinas.

| **Gabay sa Talakayan sa Klase** | |
|---|---|
| **Babasahin:** | **Gabay na Katanungan/Gawain:** |

| | |
|---|---|
| 1. Mga Lingguwistik na Ilusyon sa Pilipinas – E. Constantino<br>2. Unibersal na Nukleyus at ang Filipino – C. Paz<br>3. Ambagan 2009: Mga Salita Mula sa Iba't Ibang Wika sa Filipinas – G. Zafra (ed) | a. Ano-ano ang mga tinutukoy na ilusyon tungkol sa wika?<br>b. Magbigay ka ng mga halimbawa sa wika na magpapatibay sa mga pahayag ng mga sanayasay. |

| **Gabay sa Gawain:** | |
|---|---|
| A. Balikan mo ang Project Marayum, maghanap ka ng isang salita o kataga sa Filipino o wikang rehiyonal na maglalarawan sa kasalukuyang kalagayan o patutunguhan ng bansa.<br>B. Talakayin ito sang-ayon sa estilo ng mga salitang kabilang sa Ambagan 2009. Ibig sabihin, magsaliksik sa kahulugan, etimolohiya, at lingguwistikong katangian ng napiling salita/kataga.<br>C. Sa loob ng sanaysay, pangatwiranan ang kaangkupan ng iyong pagpili at kahalagahan ng salita o kataga bilang ambag sa pag-uswag ng wikang Filipino at wikang rehiyonal.<br>D. Mag-log in at i-upload ang iyong sanaysay sa VLE course ng ating klase. Lagyan ng word count ang huling pahina ng sanaysay. | |
| **Format**: Arial Font, size 12, justified text, double spaced, 2000 salita (max.), pdf format | |
| **Rubrik ng Pagpupuntos (10pts):** | |
| **Pagsunod sa batayang pamantayan ng gawain:** | |
| Obserbasyon ng batayang format | 2pts |
| Maayos na paglalatag sa mga bahagi | 1pt |
| **Maayos na pagbabalangkas ng sanaysay:** | |
| Mainam na pagpapaliwanag sa kahalagahan ng salita/kataga | 2pts |
| Mainam na pagtatasa at pagtalakay sa mga bahagi | 2pts |
| Mahusay na pag-uugnay ng mga babasahin | 1pt |
| Malinaw at mahusay na paggamit ng wika | 2pts |

Pangwakas

Ang pagpapalakas ng wikang Filipino ay katumbas ng pagsusulong ng ibang katutubong wika. Kapag pinatuloy ang mayamang bokabularyo ng mga wikang katutubo sa Filipino, lumalawak ang kaalaman at kamalayan sa parehong wika. Ang kakulangan ng isa ay pupunan ng isa pa. Ang resulta ay pagsasabuhay ng mga wikang umuugnay sa buhay at kultura ng mga Pilipino.

Mga Sanggunian:

Modyul 10 – PAGSASABUHAY, PAGPAPATATAG, AT PAG-USWAG NG WIKANG FILIPINO https://vle.upm.edu.ph/pluginfile.php/27611/mod_resource/content/1/WIKA%201_Modyul%2

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

010%20PAGSASABUHAY%2C%20PAGPAPATATAG%2C%20AT%20PAG-USWAG%20NG%20WIKANG%20FILIPINO.pdf

Constantino, Ernesto. "Mga Lingguwistik na Ilusyon sa Pilipinas."Nasa Constantino, Pamela C. at Monico M. Atienza (Ed.). Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan. Lungsod Quezon: UP Press, 1996.
https://vle.upm.edu.ph/pluginfile.php/32753/mod_resource/content/1/01%20PAZ_Ang%20Unibersal%20na%20Nukleyus%20at%20ang%20Filipino.pdf

Coroza, Michael. (Ed.). Ambagan 2013: Mga Salita Mula sa Iba't Ibang Wika sa Filipinas. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2015.
https://drive.google.com/file/d/1jOOr0FErtGDxlwMt1tz4FSi-u1_xmZVV/view

Zafra, Galileo. Ambagan 2009: Mga Salita Mula sa Iba't Ibang Wika sa Filipinas. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2010.
https://drive.google.com/file/d/1_xxj0XDVTFSTiynvS4mVmgv9ttLE7cUI/view

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)